SO WHAT

- Papaano napatitibay ang iyong pananampalataya ng kaalaman na lubos na naiintindihan ni Jesus ang iyong pinanggagalingan? Sa palagay mo, papaano ito makikita sa pang-araw-araw mo na lakbay sa pananampalataya?
- Dahil alam natin na tinupad ng Diyos ang pangunahin Niyang pangako sa pamamagitan ng ganap na gawa ni Kristo sa krus, papaano nito naaapektuhan ang paraan mo ng pag-angkin sa iba pa Niyang mga pangako sa Bibliya?
- Tunay ka bang naniniwala na walang imposible sa Diyos? Bakit o bakit hindi?

NOW WHAT

- Pinapatunayan ng kwento ng Pasko ang katapatan at kapangyarihan ng Diyos. Papaano ito makikita sa pang-araw-araw mo na pagbabasa ng Kanyang Salita?
- Kanino mo maibabahagi ang katotohanan ng pagiging ganap na tao at banal ni Jesus ngayong linggo? Palakasin ang loob ng taong ito sa pagmamahal ng Diyos.
- Ano ang pinakamalaking bagay sa buhay mo na nangangailangan ng pamamagitan ng Diyos? Angkinin ang iyong katagumpayan ng may pananalig sa Diyos.

PRAYER

- Manalangin para sa kaligtasan ng mga mahal mo sa buhay, na ang kapanahunang ito ay pumukaw sa kanila upang magtanong kung tungkol saan talaga ang Pasko.
- Ipagdasal ang mga nasalanta ng mga kalamidad sa buong taon na maging panahon ito ng kagalingan at pagpapanumbalik para sa kanila.
- Muling bisitahin ang mga pinanghahawakan mo sa Diyos at ipagdasal ang bawat isa sa inyong *Victory group* nang may tiwalang walang imposible sa Diyos.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 **FILIPINO**

Sa Kabila ng Kung ano ang Likas



NOTES

CONNECT

- Ano ang makakaudyok sa iyong sumuko sa pangako ng isang kaibigan?
- Ano ang nakakamangha sa iyo o nakakapagpahanga sa iyo? Magbigay ng halimbawa.
- Ibahagi ang panahong nadaig mo ang takot at gumawa ka ng bagay na hindi mo likas na ginagawa. Ano ang natutunan mo rito?

WORD

30 Kaya sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria, dahil pinagpala ka ng Diyos. 31 Magbubuntis ka at manganganak ng isang lalaki, at papangalanan mo siyang Jesus. 32 Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng ninuno niyang si David" . . . . 34 Nagtanong si Maria sa anghel, "Paano po ito mangyayari gayong dalaga pa ako?" . . . 37 "Sapagkat walang imposible sa Diyos." LUCAS 1:30-32,34,37

WHAT

Ang paglalahad ng kwento ng Pasko ay tapat sa nakasaad sa Kasulatan ngunit hindi ito ang inaasahan ng mga tao. Kahit ngayon, may iba na iniiba nila ang kwento dahil hindi ito naipapaliwanag ng mga likas na alituntunin. Subali't mahalaga na maintindihan natin na ang birheng kapanganakan, kung papaano ito hinulaan sa simula pa lang sa hardin ng Eden ("ang lahi ng babae") at ng mga propeta, ay higit pa sa isang makasaysayan na pangyayari—ito ay isang milagro! Heto ang mga mahahalagang puntos na isaalang-alang.

1 Ang birheng kapanganakan ay katuparan ng propesiya.

"Dahil dito, ang Panginoon na mismo ang magbibigay sa inyo ng palatandaan: Magbubuntis ang isang dalaga, at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki. At tatawagin niya ang bata na 'Emmanuel.'" ISAIAS 7:14

Sinong mag-aakalang matutupad ang propesiyang ito? Sinasabi ng isang kalkulasyon na may isang trilyon lang na pagkakataon—ibig sabihin, imposible ito! Ngunit dahil ang Diyos ang nagsabi nito at nangako, ito ay natupad ayon sa Kanyang kalooban. Tinitiyak sa atin ng Tito 1:1-3 na tapat ang Diyos sa Kanyang mga pangako. Bakit natin maaasahan ang Salita ng Diyos?

2 Si Jesus ay ganap na tao at ganap na banal.

31 "Magbubuntis ka at manganganak ng isang lalaki, at papangalanan mo siyang Jesus. 32 Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng ninuno niyang si David." LUCAS 1:31,32

Nang dumating si Jesus sa mundo, nagkaroon Siya ng pangangailangan, paghahangad, at damdamin tulad natin dahil ganap Siyang tao! Gayunman, nanatili rin Siyang 100% na Diyos. Sa pagkakaroon nitong natatanging kalikasan, ganap Niyang katawanin ang sangkatauhan sa harap ng Diyos dahil dumaan Siya sa lahat ng paghihirap at hamon natin ngunit nanatili Siyang walang-sala (Hebreo 4:15). Papaano nababago ng katotohanang ito ang pagnanaw at paraan ng paglapit natin kay Jesus?

3 Walang imposible sa Diyos.

"Sapagkat walang imposible sa Diyos." LUCAS 1:37

Ang kwento ng Pasko ay puno ng mga mapaghimalang kaganapan: katuparan ng mga propesiya, birheng kapanganakan, pagkabaog patungong pagkamayabong, at pagiging tao ng Diyos ngunit tulad ng inihayag ng anghel, "walang imposible sa Diyos." Sa mas malaking kwento, ibig sabihin nito ay wala Siyang ipagkakait upang iligtas tayo—ang pinakadakilang kwento ng pag-ibig na inihayag! Anong imposibleng bagay ang ginawang posible ni Jesus (Hebreo 9:26-28)?